Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-47 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA TEPPANYA RESTAURANT NORTH EDSA INC., QUEZON CITY NOONG IKA-05 NG HUNYO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 32-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAG-AAMYENDA SA CITY ORDINANCE NO.05-2003 O MAS KILALA SA TAGURING "*AN ORDINANCE REGULATING STREET DIGGINGS AND/OR EXCAVATION IN THE CITY OF MALOLOS, PRECRIBING THE MECHANICS FOR THE ISSUANCE OF PERMITS AND THE RATE OF FEES TO BE ASSESSED THEREFOR, PROVIDING PENALTY FOR VIOLATION THEREOF AND FOR OTHER PURPOSES*".**

**AKDA NINA: KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE,**
**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA AT KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
**KAMAY-AKDA ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan, na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat at pagbibigay ng kaginhawahan sa mga nasasakupan nito;

**SEKSYON 1. - DEKLARASYON NG MGA POLISIYA -** Ito ay idinideklara alinsunod sa polisiya ng Lungsod ng Malolos na magbigay ng proteksyon, pagandahin at tiyakin ang kalusugan, kapakanan, seguridad at kaginhawahan ng mga nasasakupan nito kasama ang maayos na pamamahala sa prinsipyo ng kapaligiran;

**SEKSYON 2. -** Alinsunod sa polisiyang ito, walang sinuman ang maaaring maghukay at magiging dahilan ng paghuhukay sa kahit saang lansangan o kalsada hangga't hindi nakakakuha ng permiso mula sa Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero at hindi nakakapagbayad ng mga kinakailangang bayarin;

**SEKSYON 3. -** ***Ang Seksyon 3 ng City Ordinance No. 05-2003 ay sinususugan at inaamyendahan batay sa mga sumusunod:***

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

'***Seksyon 3.*** - Ang pagbibigay ng permit para sa paghuhukay ay dapat na tumalima sa mga sumusunod na proseso:

*A.* Ang aplikasyon ng permit upang makapagpasagawa ng paghuhukay sa *National or City Streets*, maliban sa sa mga pribadong kalsada na hindi pa naibabalik sa Lokal na Pamahalaang Lungsod, ay dapat na magpasa sa Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang itinakdang araw ng paghuhukay kasama ang mga sumusunod na dokumento;

1. *Excavation, Installation, Restoration and Traffic Management Plan.*
2. Sinumpaang sulat na pirmado ng aplikante kasama ang mga sumusunod:
   - *a.* *Appropriate Markers* at iba pang *safety devices;*
   - *b.* *Appropriate steel plates* na tatakip sa mga excavated portions hanggang sa ito ay maibalik ng maayos;
   - *c.* *Appropriate notice of schedule of digging/excavation;*
   - *d.* *Third Party Liability Insurance Coverage* na maaaring sumagot sa anumang pagkamatay, pinsala o' *damages* na may halagang Isandaan at Limampung Libong Piso *(₱ 150,000.00)*;
   - *e.* Animnapung Libong Piso *(₱ 60,000.00) o isang porsyento (1%)ng kabuuang halaga ng proyekto, alinman ang mas mataas, kada araw ng pagkaantala ng mga pagawain.*

Kung ang proyekto naman ay magmumula sa gobyerno, kinakailangan ang isang sertipikasyon o pagpapatibay mula sa Pinuno ng Tanggapan o awtorisadong kinatawan na ito ay lehitimong proyekto ng gobyerno.

*B.* Ang Panlungsod na Inhinyero ay dapat na umaksyon sa mga aplikasyon, sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras mula sa pagkakatanggap ng aplikasyon, para sa *permit* at pagbibigay sa aplikante ng mga bayarin na dapat na bayaran base sa mga sumusunod:

***1. Excavation Permit Fee***
- *a.* Para sa mga may limampung(50) metrong haba o mas mababa ngunit hindi lalagpas sa *maximum width of trench* na 0.50 metro - ₱750.00
- *b.* Lagpas o higit sa limampung (50) metrong haba - ₱ 60.00 kada metro kwadrado
- *c.* Para sa *anchor log/block* - ₱ 300.00 kada set
- *d.* Para sa mga *cabinet installation* - ₱3,000.00 kada *set*
- *e.* Pole Installation - ₱ 1,000.00 kada *set*

***2. Restoration Deposit***
- *a.* *Concrete pavement*
  - *As specified in the plan.*
    - *30 cm* - ₱4,150.00 kada metro kwadrado
    - *23 cm* - ₱3,206.00 kada metro kwadrado
    - *15 cm* - ₱2,064.00 kada metro kwadrado
- *b.* *Asphalt Pavement*
  - *50 mm thick* - ₱3,064.00 kada metro kwadrado
- *c.* *Macadam Surfaced Street* - ₱600.00 kada metro kwadrado
- *d.* *Earth Sidewalk* - ₱500.00 kada metro kwadrado
- *e.* *Concrete Curb and Gutter Combination* - ₱2,400.00 kada metro.

**ALINSUNOD,** kung ang aplikante ay kinatawan para sa isang proyekto ng gobyerno, ito ay awtomatikong exempted o hindi kabilang sa mga magbabayad ng *excavation permit fee.* Ang *Restoration Deposit* ng aplikante, mapa-pampubliko o pribado man ito, ay makukuha lamang matapos ang *anim (6) buwan* at matapos ding magpasa ng aplikante ng kanilang *Post Assessment* o *Report* hinggil sa kanilang isinagawang restorasyon ng lugar.

*C.* Ang aplikante ay marapat na makapagpasa ng mga sumusunod na *Excavation Permit Requirements* sa Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero bago mabigyan ng *Excavation Permit:*

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. [illegible] ACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

1. *Endorsement Letter* mula sa Tanggapan ng Punong Lungsod.
2. Kumpletong plano na pirmado at selyado ng *Civil Engineer* kalakip ang Photocopy ng Philippine Regulatory Commission (PRC)ID at ng Professional Tax Receipt (PTR).
3. *Bill of Materials / Quantities.*
4. *Construction Schedule – Gantt Chart.*
5. *Barangay Clearance.*
6. *Traffic Management Plan* na aprubado ng *City of Malolos Traffic Management Office.*
7. *Clearance* sa mga *Public Utility Providers* kagaya ng *Prime Water, Water District* at iba pang *provider* upang magkaroon ng maayos na koordinasyon hinggil sa placement ng mga tubo o kable na maaaring matamaan habang ang proyekto ay ginagawa.
8. *Restoration Plan* kasama ang *Restoration Bond*
   - Para sa mga *City / Barangay Road* – Pamahalaang Lungsod ng Malolos
   - Para sa *Provincial Roads* – Tanggapan ng Panlalawigang Inhinyero
   - Para sa *National Roads – Department of Public Works and Highway*
9. *Endorsement* at kopya ng ID ng *Safety Engineer* na itatalaga kalakip ang/mga numerong maaaring tawagan (*contact number/s*)
10. Sa oras na hindi makararating ang aplikante o ang kinatawan ng kompanya, magpasa ng isang *authorization letter* o *Secretary's Certificate.*
11. Resolusyon mula sa Sangguniang Panlungsod na nagsasaad ng pagsang-ayon sa gagawing paghuhukay/ *excavation;*

*D.* Matapos masigurado na ang aplikasyon ng Permit ay nakasunod sa mga probisyon ng batas at sa ordinansang ito, ang Panlungsod na Inhinyero ay dapat na maglabas ng kaukulang permit para sa mga *ordinary digging/excavation works* sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras.

*E.* Matapos naman na maibigay ang *Work Permit,* ang aplikante ay marapat na sumunod sa mga kundisyon mula sa Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero :

1. Buong koordinasyon at pakikipagtulungan kasama ang mga opisyal ng Barangay at ng *City Traffic Management Office* kaugnay sa mga apektadong lugar, partikular na ang pagsasaayos ng daloy ng trapiko sa bawat oras.
2. Ang pampublikong kaligtasan ay nararapat na maging prayoridad kung kaya't ang paglalagay ng mga *proper barricades, signboards, lighting, flagmen* at iba pa ay kinakailangan sa lahat ng oras.
3. Ang aplikante ang siyang magiging responsable sa pagkasira ng anumang pribado o pampublikong ari-arian na resulta ng kanilang proyekto.
4. Hindi pinapayagan ang paghuhukay sa *Road Right-of-Way* at sa kahabaan ng *Drainage System/ Line.*
5. Hindi pinapayagan ang pagkakabit o pagtatayo ng anumang istruktura sa kahabaan ng *Drainage Line* at sa loob ng *Road Right-Of-Way* maliban na lamang kung mayroong pahintulot mula sa Sangguniang Panlungsod.
6. Ang pagsasara ng mga kalsada ay hindi pinahihintulutan sa lahat ng oras maliban lamang kung ito ay mayroong pagsang-ayon mula ng Sangguniang Panlungsod alinsunod sa Seksyon 21 ng Batas Republika Blg. 7610;
7. Hindi pinahihintulutan ang panggagambala (*disturbance)* sa anumang pribadong ari-arian kaugnay sa mga hangganan o *boundaries* at sa *Right-of-Way concerns* (maglagay ng *steel plate* kung kinakailangan).
8. Hindi pinahihintulutan ang *Diversion Plan* sa kasalukuyang *Drainage System* kahit pa ito ay *Reinforced Concrete Pile (RCP), earth o lined canal* maliban na lamang kung ito ay may pahintulot mula sa Department of Public Works and Highways at ng Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero.
9. Pagbabayad ng Work Permit Fee (alinsunod sa *P.D. 1096*) na may halagang dalawang libong piso ( ₱2,000.00 ).
10. Ang *Work Permit* ay magkakaroon ng bisa matapos maaprubahan at balido lamang sa loob ng apatnapu't limang (45) araw simula ng ito ay maaprubahan maliban lamang kung ito'y pahintulutan na mai*extend* at matapos mabayaran ang mga kaukulang bayarin.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

11. Kinakailangan ang paglalagay ng *Project Billboard / Signage* na hindi bababa sa sukat na 4x8 habang kasalukuyan ang implementasyon o ang paggawa ng proyekto na magmumula sa Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero at babayaran ng aplikante sa halagang Isang Libong Piso (₱ 1,000.00) para sa sukat na 4x8 o Isang Libo at Limang Daang Piso (₱ 1,500.00) para sa sukat na 8x10 sa Panlungsod na Ingat-Yaman.
12. Sumunod sa mga panuntunan ng *Inter-Agency Task Force* (IATF) kaugnay sa *minimum health standards.*

*F.* Kung sakali namang ang paghuhukay ay pangmalakihan na aabutin ng labinglimang (15) araw o higit pa, kasama na ang pagsasaayos ng mga huhukayin, ang Panlungsod na Inhinyero ay dapat na magpasa ng mga nakalagay sa Seksyon 3.B, sa Sangguniang Panlungsod ng *Excavation, Installation, Restoration at Traffic Management Plan* kasama ang aksyon, komento at rekomendasyon mula sa nasabing opisyal para sa pag-aaral, pagpapatibay at/o pagpapatunay bago maglabas ng kahit anong *permit,* gayundin ang mga proyektong orihinal na ini-apply ng aplikante bilang pagawain na matatapos sa ilalim ng 14 na araw pababa ngunit hindi nakatugon sa takdang araw o' ito ay nag-*extend* ay marapat na maituloy muna sa Sangguniang Panlungsod para sa kaukulang aksyon nito.

*G.* Kung ang proyekto ay lalagpas sa itinakdang oras na ini-apply ng aplikante, sila ay nararapat na magpasa ng kaukulang sulat na nagsasaad na ang proyekto ay magkakaroon ng extension at babayaran ang mga kaukulang bayarin sa Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero;

*H.* Ang Sangguniang Panlungsod ay dapat na umaksyon, matapos ang pagkakatanggap ng paglilipat mula sa Tanggapan ng Panlungsd na Inhinyero kalakip ang mga rekusitos ng aplikasyon, sa loob ng labinlimang (15) araw. Sa oras na hindi makatupad ang Sangguniang Panlungsod na umaksyon dito, ang aksyon at rekomendasyon ng Panlungsod na Inihinyero sa nasabing mga plano ang sasang-ayunan bilang narepaso, napagtibay o nakumpirma;

**SEKSYON 4.** - Karagdagan sa mga bayarin at singilin alinsunod sa Seksyon 3.B ng ordinansang ito, maaaring magkaroon pa ng pagpapataw at pagtataya para sa may hawak ng *excavation/digging permit* para sa *Engineering Supervision Fee* na mayroong katumbas na sampung bahagdan (*10%*) ng kabuuang *Restoration Cost;*

**SEKSYON 5. - KARAGDAGANG PROBISYON -** Ang aplikante ay kinakailangang magpasa ng *time frame* kung ilang buwan ang kanilang kakailanganin upang matapos ang kanilang proyekto. Sa oras na sila ay lumagpas sa itinakdang oras, sila ay kinakailangang magbayad ng *penalty* na katumbas ng kabuuang *fees* na kanilang unang ibinayad sa Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero;

**SEKSYON 6.** - Ang pangangasiwa sa lahat ng proyekto ng paghuhukay o *excavation* ay inaatas sa *Project Engineer* ng may-ari o ng kontratista at ng awtorisadong kinatawan mula sa ahensya ng gobyerno;

**SEKSYON 7.** - Ang Panlungsod na Inhinyero o ang kanyang awtorisadong kinatawan ay may kapangyarihan na magsagawa ng inspeksyon sa lugar ng trabaho (*work site*) upang masigurado ang pagsunod sa mga tuntunin at kundisyon na nakalagay sa permit at mabigyan ng sipi ang Lupon sa Imprastraktura;

**SEKSYON 8.** - Ang pagbibigay ng karagdagang araw ng bisa ng *excavation/digging permit* ay maaaring payagan ng Panlungsod na Inhinyero kung may sapat at makatuwirang dahilan at ang pagbabayad ng karagdagang *Engineering Supervision Fee* na may katumbas na tatlong bahagdan (*3%*) kada buwan ng kabuuang gastos sa restorasyon;

**SEKSYON 9.** - Ang alinmang *Permit* na naibigay alinsunod sa bisa ng ordinansang ito ay maaaring masuspinde, bawiin o kanselahin sa oras ng biglang pangangailangan, kung saan ang kaligtasan at kapakanan ng publiko ay nakokompromiso o ang hindi pagsunod o paglabag sa tuntunin at kundisyon ng *permit;*

KGG. PATRICK J. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS M. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. ONGE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

**SEKSYON 10.** - Ang may-ari ng proyekto ay may obligasyon na isaayos ang *excavated portion* ng mga lansangan sa dati nitong kalalagayan at espesipikasyon at kanila ring sasagutin ang anumang bayad para sa pagmimintina sa loob ng isang (1) taon mula sa araw na makumpleto ang *Restoration Works.* Ang katumbas na *Performance Bond* na pabor sa Lungsod ng Malolos ay dapat na bayaran ng may-ari ng proyekto alinsunod sa ipapasa ng Panlungsod na Inhinyero at ang lahat ng hindi pagsunod sa mga probisyon ng seksyon na ito ay mapo-*forfeit* na pabor sa Lungsod ng Malolos;

**SEKSYON 11.** - Ang lahat ng maiiwang paghuhukay sa loob ng limang (5) sunud-sunod na araw ay dapat na ayusin ng Panlungsod na Inhinyero at ang lahat ng bayarin ay sisingilin sa *restoration deposit* ng may-ari ng proyekto;

**SEKSYON 12.** - Walang paghuhukay o *excavation* ang papayagan sa mga bagong sementong kalsada sa Lungsod o sa *National Road* sa loob ng tatlong (3) taon maliban sa mga biglaang pangangailangan na tutukuyin ng Panlungsod na Inhinyero at aprubado ng Punong Lungsod;

**SEKSYON 13.** - Ang anumang pagsingit (*insertion*) o pagkakabit (*interconnection*) ay hindi pinahihintulutan maliban na lamang kung ito ay malinaw na kasama sa inaprubahang *excavation* at *installation plans.*

**SEKSYON 14.** - Ang Panlungsod na Inhinyero o ang kaniyang awtorisadong kinatawan ay pinahihintulutang mag-inspeksyon sa mga paghuhukay sa mga pribadong kalsada, lansangan at sa iba pang daan at *sidewalks* at ang pagsasaayos ng mga *excavated areas* ay dapat na natapos alinsunod sa espesipikasyong iuutos ng Panlungsod na Inhinyero;

**SEKSYON 15.** - Ang lahat ng nakolektang kabayaran mula sa proyektong isasagawa alinsunod sa bisa ng ordinansang ito ay dapat na mapunta sa pangkalahatang pondo *(General Fund)* ng Lungsod ng Malolos;

**SEKSYON 16.** - Ang sinumang mapapatunayan at mahahatulang lumabag sa alinmang probisyon ng ordinansang ito ay paparusahan ng hindi bababa sa Limang Libong Piso (₱5,000.00) o' pagkakakulong na hindi mababa sa isang (1) buwan at hindi lalagpas sa anim (6) na buwan o pareho alinsunod sa pagpapasiya ng korte.

Sa oras naman na ito ay kaso ng isang *juridical person*, ang Pangulo o ang *General Manager* ng kumpanyang nagsasagawa ng proyekto ang siyang magiging responsable sa anumang kaso.

Sa oras naman na ito ay kaso ng isang *Public Officer,* ang *penal sanction* na mapapataw sa kawani ay alinsunod sa probisyon ng Batas Republika Blg. 6713 o mas kilala sa taguri na *"Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees"*;

**Seksyon 17. - SUGNAY NA NAGPAPAWALANG-BISA** - Ang lahat ng mga ordinansa, resolusyon, kautusang tagapagpaganap, memorandum circulars at lahat ng parte na hindi nagtutugma sa ano mang probisyon ng ordinansang ito ay pinawawalang-bisa o wastong binabago.

**Seksyon 18. - KABISAAN** - Ang kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. [illegible] SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. EDUARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
Pang. Punong Lungsod - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
JUN 19 2023
**Petsa ng Pagtitibay**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*06052023